

Cum quibus et nostras voces ut admitti iubeas, deprecámur, súplici confessióne dicétes:  
— Sanctus, Sanctus, Sanctus...

Kaya kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

**ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 10:8**

JUSTUS Dóminus, et justítiam diléxit : æquitátem vidit vultus ejus.

**SAPAGKAT** makatarungan ang Panginoon, mahal niya ang katarungan, makikita ng mga matuwid ang kanyang mukha.

**PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON**

SUMPTIS, Dómine, sacraméntis : ad redemptiónis æternæ, quaésumus, proficiámus augméntum. Per Dóminum.

**NANG KAMI'Y** mapabanal O Panginoon at marapat naming makamptan ang iyong mga biyaya, gawin mo nawa sa amin, hinihiling namin, na lagi kaming tumalima sa iyong mga utos. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

*Sa dakong Paghayo at Pagbabasbas sa katapusan ng Misa, haharap ang pari sa bayan, sasabihin ang mga katagang "Humiliáte cápita vestra Deo" (Iyuko niyo ang inyong mga ulo sa Dios.)*

**PAGPAPANALANGIN SA SAMBAYANAN**

DEUS, innocéntiæ restitútor et amátor, dírige ad te tuórum corda servórum : ut, spíritus tui fervóre concépto, et in fide inveniántur stábiles, et in ópere effícaces. Per Dominum.

**O DIOS,** tagasariwa at taga-pagibig sa kabusilakan, akayin mo nawa ang puso ng iyong mga lingkod patungo sa iyo, nang sa gayon ay, puspos ng sigasig ng iyong diwa, nawa'y matagpuan silang matibay sa pananampalataya at mayaman sa mabubuting gawain. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

Hermanidad de Sagrada Eucaristia  
Latin Mass Society of Cavite ©2022  
Comision Para sa Pagsasalín

## MIERCOLES

### MAKARAAN ANG IKALAWANG LINGGO NG CUARESMA

Misa "Ne derelinquas"

• III cl. • Simple • Lila

**PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 37:22-23**

NE derelinquas me, Dómine, Deus meus, ne discédas a me : inténde in adjutórium meum, Dómine, virtus salútis meæ. — *Ps 37:2* Dómine, ne in furóre tuo árguas me : neque in ira tua corripias me. *V.* Gloria Patri. Ne derelinquas me.

**HUWAG** akong pabayaán, Panginoon, huwag akong layuan, O aking Dios. Magmadali ka sa pagtulong sa akin, aking Panginoon, aking kaligtasan. — *Salmo 37:2* Huwag akong sumbatan sa 'yong galit, Panginoon, huwag parusahan sa 'yong poot. *V.* Luwalhati sa Ama. — Huwag akong pabayaán...

**PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)**

PÓPULUM tuum, quaésumus, Dómine, propítius réspice : et, quos ab escis carnálibus praécipis abstinére, a noxiis quoque vítiis cessáre concéde. Per Dóminum.

**MASDAN** mo nawa, hiling namin sa iyo o Panginoon, itong iyong bayan, at ipagkaloob mo nawa na silang mga inutusan mong umiwas sa pagkain, ay umiwas rin sa masasamang mga gawain. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

*Sa Misa ngayong araw, idaragdagag ang ika-2 panalangin, "Upang Hingin Ang Pamamagitan Ng Mga Banal"; ika-3 panalangin, "Para Sa Mga Nabubuhay At Sa Mga Yumao."*

**PAGBASA • Est 13:8-11; 13:15-17**

Pagbasa mula sa aklat ni Ester.

**NOONG MGA ARAW NA YAON:** Nagdasal si Mardoqueo sa Panginoon at sinabi: Panginoon, hari at may-ari ng sanlibutan, nasa kapangyarihan mo ang lahat. Walang makahahadlang sa kalooban mo na iligtas ang Israel. Ginawa mo ang langit at lupa at lahat ng kahanga-hangang bagay na nasa ilalim ng langit. Ikaw ang Panginoon ng lahat, at walang makatututol sa iyo, Panginoon. At ngayon, Panginoong Dios, Hari, Dios ni Abraham, iligtas mo ang iyong bayan! Binabalak ng aming mga kaaway ang aming kapahamakan. Hangad nilang lipulin ang pamanang iyo na buhat pa sa simula.

Huwag mong pabayaang ang iyong pamana, na tinubos mo buhat sa Ehipto para sa iyong sarili. Dinggin mo ang aking panalangin; kahabagan mo ang iyong sariling bayan. Palitan mo ng katuwaan ang aming pagluluksa upang kami'y mabuhay at umawit at magpuri sa iyong pangalan, O Panginoon. Huwag mong pabayaang matahimik ang mga bibig ng mga nagpupuri sa iyo. — *R. Salamat sa Dios.*

**PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 27:9, 1**

**SALVUM** fac pópulum tuum, Dómine, et bénedic hereditáti tuæ.

*V.* Ad te, Dómine, clamávi : Deus meus, ne síleas a me, et ero símilis descendéntibus in lacum.

**ILIGTAS** ang 'yong bayan, Panginoon; pagpalain mo ang 'yong pamana.

*V.* Sa 'yo ako tumatawag, O Panginoon; O Dios ko huwag kang maging bingi sa akin sapagkat kung mananatili kang walang-imik, matutulad ako sa mga nalilibing sa limot.

*Para sa Tracto, tignan ang Misa sa Lunes ng sanlinggong ito.*

**EBANGHELIO • Mt 20:17-28**

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

**NOONG PANAHO NG IYON:** Nang umakyat si Jesús sa Jerusalen, isinama niya ang Labindalawa, at habang nasa daan ay sinabi niya sa kanila: “Papunta na tayo sa Jerusalen. Doon ibibigay ang Anak ng Tao sa mga punong-pari at mga guro ng Batas na maghahatol sa kanya ng kamatayan. Kaya ibibigay nila siya sa mga pagano para pagtawanan, hagupitin at ipako sa krus. Ngunit babangon siya sa ikatlong araw.” Lumapit noon kay Jesús ang ina nina Jaime at Juan kasama ng dalawa niyang anak, at lumuhod sa harap niya para makiusap. Tinanong siya ni Jesús: “Ano ang ibig mo?” At sumagot siya: “Narito ang dalawa kong anak. Iutos mong maupo ang isa sa iyong kanan at ang isa naman sa iyong kaliwa sa iyong Kaharian.” Sinabi ni Jesús sa magkapatid: “Hindi ninyo nalalaman ang inyong hinihingi. Maiinom ba ninyo ang kalis na iinum ko?” Sumagot sila: “Kaya namin.” Sumagot si Jesús: “Totoong iinom din kayo sa aking kalis, ngunit wala sa akin ang pagpapaupo sa aking kanan o kaliwa. Para sa mga hinirang ng Ama ang mga lugar na iyon.” Nang marinig ito ng sampu, nagalit sila sa magkapatid. Kaya tinawag sila ni Jesús at sinabi: “Alam ninyo na sinusupil ng mga naghahari ang kanilang mga bansa at inaapi ng mga nasa kapangyarihan. Hindi naman ganito sa inyo: ang may gustong maging dakila, siya ang maging lingkod ninyo; ang may gustong mauna sa inyo, siya ang maging alipin ninyo.

Gayundin naman, dumating ang Anak ng Tao hindi para paglingkuran kundi para maglingkod at ibigay ang kanyang buhay bilang pantubos sa marami.” — *R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.*

**ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 24:1-3**

**AD TE**, Dómine, levávi ánimam meam : Deus meus, in te confído, non erubéscam : neque irrídeant me inimíci mei : étenim univérsi, qui te expéctant, non confundéntur.

**SA 'YO KO** itinataas, Panginoon, ang aking kaluluwa. Sa 'yo ako nananalig, O aking Dios, di ako mapapahiya ni pagtatawanan ng aking mga kaaway. Hindi, hindi nga mapapahiya ang sa 'yo umaasa.

**PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY**

**HÓSTIAS**, Dómine, quas tibi offérimus, propítius réspice : et, per hæc sancta commércia, víncula peccatórum nostrórum absólve. Per Dominum.

**ITONG** mga handog na aming iniaalay, iyong masdan nawa ng may pagtangkilik, o Panginoon, nang alang-alang sa banal na pangangalakal na ito makalag ang tanikala ng aming mga kasalanan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

**PREPASYO NG KWARESMA**

**VERE DIGNUM** et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens, ætérne Deus.

**TUNAY NGANG MARAPAT** at matuwid, angkop at nakakagaling, na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan:

Qui corporáli ieiúnio vítia cómpimis, mentem élevas, virtútem largírís et prámia: per Christum Dóminum nostrum.

Sapagkat sa pagpapakasakit ng katawan, sinusugpo mo ang aming masasamang hilig at itinataas ang aming isipan; binibigyan kami ng lakas at ginagagantimpalaan, alang-alang kay Cristong aming Panginoon.

Per quem maiestátem tuam laudant Angeli, adórant Dominatiónes, tremunt Potestátes. Cæli cælorúmque Virtútes, ac beáta Séraphim, sócia exsultatióne concélebrant.

Kaya sa pamamagitan Niya, ang makapal na mga anghel sa kalangitan, nagpupuri kasama ng mga Dominasyon at Potesdad ay nagpupuri at sumasamba sa iyong kamahalan. Nagbubunyi rin ang mga hukbo ng langit at ang mga Serapin ay kaisa nilang nagpupuri sa Iyo.